



Paglilingkod sa Ngalan ng Panginoon

(Pambungad na Panalangin)

I. ANG TATLONG PAGBASA

UNANG PAGBASA (Gen 18:1-10a)

¹NOONG mga araw na iyon, napakita ang Panginoon kay Abraham sa Mamre sa may sagradong mga punongkahoy. Noo'y kainitan ng araw at nakaupo siya sa pintuan ng kanyang tolda. ²Walang anu-ano'y may nakita siyang tatlong lalaking nakatayo. Patakbo siyang sumalubong, yumukod nang halos sayad sa lupa ang mukha, ³at sinabi: "Mga ginoo, kung inyong mamarapatin, magtuloy po kayo sa amin. ⁴Dito muna kayo sa lilim ng punong ito, at ikukuha ko kayo ng tubig na panghugas sa inyong mga paa. ⁵Magpapahanda tuloy ako ng pagkain para manauli ang lakas ninyo bago kayo magpatuloy sa inyong paglalakbay. Ikinagagalak ko kayong paglingkuran habang naririto kayo sa amin."

Sila'y tumugon, "Salamat, ikaw ang masusunod." ⁶Si Abraham ay nagdudumaling pumasok sa tolda at sinabi kay Sara, "Madali ka, kumuha ka ng tatlungumpung librang harina, at gumawa ka ng tinapay." ⁷Pumili naman siya ng isang matabang guya sa kulungan, at ipinaluto sa isang alipin. ⁸Kumuha rin siya ng keso at sariwang gatas at inihain sa mga panauhin kasama ang nilutong karne. Hindi siya lumalayo sa tabi ng mga panauhin habang sila'y kumakain.

⁹Samantalang sila'y kumakain, tinanong nila si Abraham: "Nasaan ang asawa mong si Sara?"

"Nandoon po sa tolda," tugon naman nito.

¹⁰Sinabi ng panauhin, "Babalik ako sa isang taon, sa ganito ring panahon, at **pagbabalik ko'y may anak na siya.**"

Tema: **Ipinahayag ang Pagsilang ng Anak**

PAGPAPALIWANAG AT PAGNINILAY

- Ang Panginoon ay nagpakita kay Abraham sa isang misteryosong paraan. Siya ay nagpakita at nagkatawang tao.. Nakita ni Abraham ang Panginoon sa mga taong iyon. Nagbigay pugay si Abraham sa pamamagitan ng pagtirapa sa lupa.
- Tunay nga na ang mga bisita ni Abraham ay ang Panginoon. Sa pagkakataong ito, bago sila umalis, ay ibinalita ng Panginoon ang pagsilang ni Isaac. Si Isaac ay ang ipinangakong anak. Muli silang bibisitahin ng Panginoon sa susunod na taon.
- Sadyang nakabubuti ang pagtanggap sa mga estranghero, hindi natin alam kung ano ang biyayang dulot nila.

SALMONG TUGUNAN (Slm 14) SINO KAYANG TATANGGAPIN SA TEMPLO NG POON NATIN?

IKALAWANG PAGBASA (Col 1:24-28)

²⁴NAGAGALAK ako sa aking pagbabata ngayon alang-alang sa inyo sapagkat sa pamamagitan nito’y naipagpapatuloy ko ang paghihirap na kailangan pang gawin ni Kristo para sa Simbahan na kanyang katawan. ²⁵Ako’y naging lingkod nito nang hirangin ako ng Diyos upang **ipahayag sa inyo ang kanyang salita**. Hinirang niya ako upang lubusang ihayag sa inyo ²⁶ang hiwaga na mahabang panahong nalihim sa maraming sali’t saling lahi, nguni’t ngayo’y inihayag sa kanyang mga anak. ²⁷Inibig ng Diyos na ihayag sa lahat ng tao ang dakila at kamanghamanghang hiwagang ito. Ito ang hiwaga: sumainyo si Kristo at dahil dito’y nagkaroon kayo ng pag-asang makapiling ng Diyos doon sa kaluwalhatian. ²⁸Iyan ang dahilan kung bakit namin ipinangangaral si Kristo. Pinaalalahanan namin ang lahat, at buong linaw na tinuturuan ayon sa aming makakaya upang maiharap namin sa Diyos ang bawat isa, sakdal at walang

kapintasan dahil sa pakikipag-isa kay Kristo.

Tema: **Pagpapahayag ng Salita ng Diyos**

PAGPAPALIWANAG

- Karamihan sa mga dalubhasa sa Bibliya ang nagsasabi na ang nagsulat ng liham para sa Colosas ay hindi si Pablo. Ang estilo, bokabularyo, at ang mga hinaing ng nasabing liham ay kapansin-pansing naiiba sa mga tunay na liham ni Pablo.
- Sa b. 24, ang manunulat (disipulo ni Pablo) ay nagmalaki tungkol sa kanyang mga paghihirap, sapagkat siya ay nakikibahagi o napunuan ang anumang nagkulang sa pagsasakripisyo ni Kristo alang-alang sa kanyang katawan, ang Simbahan.
- Sa b.25 ipinakilala ng manunulat ang kanyang sarili bilang ministro na naaayon sa disenyong laan ng Panginoon. Ang kanyang pagiging ministro ay sumesentro sa paglilingkod. Ito ay nagdadala ng katuparan sa Salita ng Diyos.
- Sa b. 26, sa pamamagitan ng kanyang katungkulan, ang Salita ng Diyos ay naisasabuhay. Ang dating nakakubling Salita ng Diyos sa paglipas ng panahon; ngayon ay naipahayag na (sa pamamagitan ng kanyang katungkulan). Sa b.26b isinaad kung para kanino nakalaan ang Salita ng Diyos, at ito ay para sa kanyang piniling banal.
- Sa b. 27, ipinaliwanag kung sino ang kanyang natatanging banal, na napili upang malaman ang kanyang kayamanan/ kaluwalhatian.
- Sa b.27 din ay binigyang linaw kung sino ang ipinahayag, at ito si Kristo sa inyo.
- Sa b.27b inilarawan kung sino si Kristo: Ang pag-asa sa kaluwalhatian.
- Ipinagpatuloy sa b. 28 ang pagpapakilala kay Kristo : na ating ipinapahayag.
- Ang pagpapahayag kay Kristo ay sinamahan pa ng panawagan at doktrina upang maging perpekto (kumpleto, walang kulang).
- Kay Kristo, ang lahat ay nakahahanap ng perpektsyon.

PAGNINILAY

Ang manunulat ay isang misyonero. Siya ay

nakakuha ng misyonerong espiritu na gaya ng kay Pablo. S'ya ay natutuwa sa kanyang mga pagdurusa alang-alang kay Kristo at sa kanyang Simbahan.

Sa pamamagitan ng kanyang mga gawa, Ang Salita ng Diyos/ si Kristo mismo (na dating nakatago) ay lubusan nang naipahayag at naipaalam sa atin.

MABUTING BALITA (Lc 10:38-42)

³⁸NOONG panahong iyon, pumasok si Hesus sa isang nayon. Malugod siyang tinanggap ng isang babaing nagngangalang Marta sa tahanan nito. ³⁹Ang babaing ito'y may isang kapatid na Maria ang pangalan. Naupo ito sa paanan ng Panginoon at nakinig sa kanyang itinuturo. ⁴⁰Alalang-alala si Marta sapagkat kulang ang kanyang katawan sa paghahanda, kaya't lumapit siya kay Hesus at ang wika, "Panginoon, sabihin nga po ninyo sa kapatid kong tulungan naman ako." ⁴¹Ngunit sinagot siya ng Panginoon, "Marta, Marta, naliligalig ka at abalang-abala sa maraming bagay, ⁴²ngunit isa lamang ang talagang kailangan. **Pinili ni Maria ang lalong mabuti**, at ito'y hindi aalisin sa kanya."

Tema: Pinili ang Salita ng Diyos

PAGPAPALIWANAG

- Ang Pagbasang ito ay bahagi ng mahabang kwento ng paglalakbay sa aklat ni San Lucas (Lc 9:51-19:27)
- Katatapos lamang ni Hesus na mangaral tungkol sa Mabuting Samaritano. Sa bahaging ito, tinuruan ni Hesus si Marta kung ano ang mas magandang gawin sa tuwing dadalaw si Hesus.
- Sa b.38, ang lugar ay hindi pinangalanan dito. (Sa Juan, ito ay sa Betania).
- Si Marta ay isang maasikaso na tao. Kanyang tinanggap at pinatuloy sa kanilang tahanan si Hesus. Si Hesus lamang ba? Hindi, mayroon siyang mga kasama... basahin "sila ay nagpatuloy sa kanilang paglalakbay..." (b.38).

- Sa b.39, Si Maria ay ipinakilalang kapatid niya. Minabuti nya ang pag-upo sa tabi ni Hesus at makinig.
- Sa b.40 ipinahayag ang problema. Nahihirapan si Marta sa bigat ng kanyang preparasyon. Siya ay nagreklamo na pinababayaan siyang magtrabaho ng kanyang kapatid (tamad si Maria?)
- Sa bb. 41-42, si Hesus ay sumagot sa kanya at pinuri ang ginagawa ni Maria. Ayon kay Hesus, pinili ni Maria ang mas magandang parte (=alam nya ang kanyang mga prioridad).

PAGNINILAY

Sa ating pakikipagsalamuha kay Hesus, mas binibigyan natin ng pagpapahalaga ang pakikinig sa kanya kaysa maghanda ng kanyang kakaining meryenda.

Sa sunod na pagtanggap ni Marta kay Hesus, marahil ay di na niya gagawin masyado ang paghahanda para kay Hesus ngunit sa pagkakataong iyon ay maglalaan na siya ng oras upang makapakinig rin kay Hesus.

Ang tanong ay kung paano natin mapapalawak ang ating presensya sa ating bisita o ang presensya ng ating bisita sa atin.

II. PAG-UUGNAY

Ang Unang Pagbasa ay naglalarawan ng Wastong Pagtanggap (*hospitality*) ni Abraham. Ang Ikalawang Pagbasa naman ay sinasaad ang katuparan ng pagpahayag ni Kristo. Hindi natin lubusang makikilala si Kristo kung hindi natin Siya kayang patuluyin ng wasto sa ating mga puso. Tinuturuan tayo ng Mabuting Balita kung paano ang pagpapatuloy sa ating mga bisita.

III. SALAMIN NG BUHAY

1. Ano ang kahalagahan sa pagbabahagi natin ng Salita ng Diyos?
2. Ano pang mga estratehiya ang maaring magamit upang matulungan ang ibang magbasa






ng Bibliya?

Ano pang ibang pangyayari ang pwedeng maisabay sa pag-aaral sa Bibliya?

Pagpapaliwanag ni **Fr. Cielo Alamazan OFM**
Isinalin ni **Sem. Amiel Niño Mercado Ilandag**

(Pangwakas na Panalangin)

Mga Bagong Libro ng ST PAULS



PANGWAKAS NA PANALANGIN

PAMBUNGAD NA PANALANGIN

Kristo, aming Panginoon, Ikaw ang Daan, ang Katotohanan at ang Buhay. Itulot mong makamit namin ang Iyong dakilang pag-ibig sa pamamagitan ng iyong Apostol na si San Pablo at ng Simbahang Katolika. Ipadala Mo sa amin ang Iyong Banal na Espiritu upang maalaala namin ang lahat na Iyong mga ipinangangaral.

Luwalhati sa Ama, sa Anak, at sa Espiritu Santo. Kapara ng sa una, ngayon at magpakailanman at magpasawalang hanggan. Amen.

Kung nais po ninyong makatulong sa ating *Biblical Apostolate*, maari pong magdonate ng *legal size na bond paper* sa:

ST PAULS Ads and Promo Office c/o **Rizaldy Cruz**
7708 ST PAUL Road, San Antonio Village, Makati City
Tels: 895-37-16; 890-7130

O Hesus na Dakilang Guro, ikaw ang Salita ng Buhay na walang hanggan. Sumasampalataya kami sa Iyo Panginoon at Katotohanan. Palaguin Mo nawa ang aming pananampalataya. Iniibig ka namin, Panginoon at Daan, nang buo naming lakas dahil iniutos mo sa aming sundin ang Iyong mga Kautusan nang walang pasubali. Nananalangin kami sa Iyo, O Panginoon at Buhay, sinasamba Ka namin, pinupuri Ka namin, at pinasasalamatang dahil sa kaloob mong Banal na Kasulatan. Kasama si Maria, maaalaala sana namin at mapangalagaan ang Iyong mga Salita sa aming kaisipan at mapagnilay-nilayan ang mga ito sa aming puso.

Panginoong Hesus, ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay, maawa Ka sa amin. *Luwalhati...* (mula sa *Prayers of the Pauline Family*)